


MGA HEBREO,

IKALAWANG KABANATA ¹

 Naparito sa pag-aaral at nagalak sa . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] At ngayon ang unang Aklat ng Mga Hebreo, ay sulat ni Pablo, nalaman natin, o pinaniniwalaan natin 'yan. Ang mga teologo ay hindi makapagpasiya; sadyang di nila alam kung alin kaya, o kung sino bang talaga ang sumulat Nito. Subalit, naniniwala akong, ang sinumang may kaunting pagkilalang espirituwal ay matatalos na si Pablo nga ito. Ito'y—ito'y pinaniniwalaan nga, ng karamihan sa mga manunulat, na si Pablo talaga. At doon nga ay kanyang . . .

² Sa unang kabanata, nakita natin doon ang pagdadakila sa Panginoong Jesus. Oh, ganun niya na lang hinimay, upang ipakita sa pamamagitan ng—sa pamamagitan ng kanyang karanasan dun sa daan patungong Damasco. Ngayon, si Pablo, sa simula't sapul, ay isang tunay na teologo. Nagsanay si Pablo sa gabay ni Gamaliel, isa sa mga pinakamahuhusay na guro ng panahong iyon. At siya ay matalino at intelihente, at isa nga siyang mahusay na mag-aaral ng Biblia.

³ At nakita ko nga rito, nung naroon siya sa daan patungong Damasco, na may mga dalang liham sa kanyang bulsa, upang arestuhin ang lahat ng mga naroon sa banal na daan ng lumang Ebanghelyo, at napakasinsero ng lalaking ito. Subalit, naniniwala akong dahil sumaksi si Pablo sa pagkamatay ni Esteban, sa palagay ko'y nakaapekto 'yun sa kanya. Noong sumang-ayon siya sa pagpatay kay Esteban, at naging tagahawak pa ng mga balabal nung mga bumato sa kanya, kung gayon may pananagutan si Pablo sa dugo ni Esteban. At inamin nga niya, at sinabi, “Ni hindi ako karapat-dapat,” sabi, “dahil binubo ko ang dugo ng Kanyang—ng Kanyang, martir, na si Esteban.” Dahil sa, saksi siya rito.

⁴ At kung saksi ka sa isang bagay, may pananagutan ka na para mo na ring ginawa ang bagay na iyon. Kaya kapag sasaksi tayo, halimbawa, “Oh, oo, hindi nila dapat ginawa ito, itong *ganito-at-ganoon*,” mag-ingat kayo sa mga sinasabi n'yo, sapagkat may pananagutan kayo sa mga bibitiwan n'yong mga pahayag. Kung hindi kayo makapagpasiya, huwag na kayong magpahayag ng anuman, basta't hayaan n'yo na lang. Kaya nga kapag nagpapatotoo kayo na isa kayong Cristiano, kung ganun may pananagutan kayo rito. Kita n'yo? May pananagutan kayo bilang isang Cristiano, at kinakailangan n'yo ngang ipamuhay 'yan. At sa tuwing magbibitiw nga ang Diyos ng

isang—isang pangako sa Biblia. . .Heto nga't meron tayo rito ngayong isang mamang nakaupo sa silyang de gulong. Sa tuwing magbibitiw ang Diyos ng isang Pangako, may pananagutan Siya sa Pangakong ito maliban lang kung Kanyang tuparin nga Ito. May pananagutan ang Diyos sa tuwing magbibitiw Siya ng Pangako. At may pananagutan ang Mga Kasulatan hanggang sa magkaroon ng katuparan ang mga Ito. Kita n'yo? Ang mga Ito—Ang mga Ito ay nariyan bilang—bilang pagpapahayag sa sinalita ng Diyos. At kinakailangan talaga Itong matupad kung hindi ay may pananagutan ang Diyos. Kita n'yo?

⁵ At kaya nga naman si Pablo, dahil isa siyang tagapagturo, at naroon na nga siya patungong Damasco noong araw na iyon, mga nasa, mga nasa kinahapunan na iyon, sa tantiya ko. May isang napakaliwanag na Ilaw ang suminag mula sa Kalangitan, at binulag siya Nito, at nasubasob siya—siya sa lupa. At sinabi niya na nais niyang malaman kung Sino iyon. Sabi niya'y may isang Tinig na nagsalita, at ang sabi, “Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?” Naniniwala akong naroon po 'yun sa ika-8 kabanata ng Mga Gawa.

Sabi niya, “Sino Ito na aking pinag-uusig?”

⁶ At nagsalita muli ang Tinig, ang sabi, “Ako si Jesus.” Oh! “Ako si Jesus, at mahirap sa iyo ang sumikad sa mga matulis.” At anong anyo si Jesus noong oras na iyon? Si Jesus, Siya yaong Ilaw, isang napakalaking Ilaw na sumisinag nang kayliwanag.

⁷ Ngayon upang lalo tayong mapagtibay at makakuha rito ng batayan. Papaano Siyang naging isang Ilaw, gayong isa Siyang Tao? Ngayon, walang sinuman. . .

May mga kasama si Pablo roong mailan-ilang mga sundalo, mga bantay ng templo, na naparoon upang mandakip. Si Pablo ang punong kapitan. At nagpunta sila roon upang dakpin ang mga mananampalatayang naroroon, bilang bahagi ng kanilang kampanya at kung anu-anong pakikibaka, at bilang pagganap sa pinaniniwalaan nilang tama na naipunla sa kaibuturan nila.

⁸ Ngunit, ngayon, naroon si Jesus bilang isang napakalaking Ilaw. Ngayon, kung maaalala ninyo, sa pasimula, si Jesus ay isang Ilaw. Si Jesus ang Logos na lumabas buhat sa Diyos. At Siya ang. . .Siya ang Anghel ng Tipan na nanguna sa mga anak ni Israel sa ilang. At Siya ang Haliging Apoy na kanilang sinusubaybayan. At Siya ay. . .At noong Siya ay naririto pa sa lupa, sinabi Niya, “Nagbuhat Ako sa Diyos, at Ako'y babalik sa Diyos.” Kaya kung lumabas Siya buhat sa isang Haliging Apoy, upang maging Tao, samakatuwid kung bumalik Siya sa anyo Niya dati, ay nagbalik na nga Siyang muli bilang Ilaw. At hayon na nga Siya noong nakita Siya ni Pablo, isa Siyang Ilaw.

⁹ Ngayon, hindi nakita ng lahat ng mga sundalong naroon na kasa-kasama ni Pablo ang Ilaw. Kung gayo'y maaari kayang nakikita Ito ng isa at ang iba pa ay hindi Ito nakikita? Oo naman.

Ganun na nga 'yun. Siya, si Pablo, nakita niya Ito, pero hindi nakita ng iba pang naroon ang Ilaw.

¹⁰ Ngayon, noong nasa bilangguan si Pedro, nalaman nating nagpakita ang Ilaw na ito sa loob ng bilangguan, binuksan ang mga pintuan. At siya ay. . . Binulag ng Ilaw na iyon ang mga bantay na naroon, habang sila ay papatakas, sumusunod-sunod si Pedro roon. At pagdating niya sa pintuan, kusa na lang itong bumukas, nang tahimik, tapos sumara pagkaraan niya. Mula sa looban ng bilangguan, lumakad siya roon sa pintuan palabas. Kusang bumukas ito, tapos sumara nang tahimik. At saka siya lumusot sa siwang, tapos nakalabas na sa kalsada ng bayan. At napakuskos siya ng mata, na parang sinasabi, "Nananaginip ba ako?" Hindi niya alam kung ano ang nangyari. Subalit, ang Anghel ng Panginoon, ang Anghel na siya ring Haliging Apoy na pinalakad si Moises sa dagat at naghawi nito, oh, ang Dagat na Patay. . . ang Dagat na Pula ay nagmistulang naglalakihang mga pader sa magkabilang gilid, at nakatawid dun ang Israel.

¹¹ At pagsapit nila sa nag-uumapaw na Jordan, di man Niya ipinakita ang Kanyang Sarili roon. Subalit naroroon nga Siya, 'pagkat Kanyang hinawi iyon. At tumawid sila roon ng Abril, noong punung-puno ng tubig ang mga kapatagan. At pinigilan Niya ang tagsibol, at pinigilan Niya ang niyebe sa pagkalusaw, kaya't hindi na tumaas nang tumaas ang tubig sa magkabilang gilid; basta huminto ang ilog. At iyon nga ang ating Jehovah. Iyon nga ang ating Panginoong Jesus. Basta pinahinto iyon; at nakatawid sila sa tuyong lupa.

¹² Ngayon, ipinangako ng Diyos na iingatan Niya sila, kaya obligado Siyang tuparin ang Kanyang Pangako. Ngayon, si Pablo, na alam na alam ang mga bagay na ito, at batid ang mga ito, siya ay napakapalad, sapagkat nangusap ang Diyos nang direkta kay Pablo. Hindi Siya nangusap sa mga sundalong kasakasama niya. Kay Pablo lamang Siya nangusap.

¹³ Ngayon, noong ang—noong ang Anghel ng Panginoon ay bumaba, sa anyo ng isang bituwin; at ang mga tagapagmatyag sa mga bituwin, ang mga lalaking pantas na taga-India, noong, nakita nila yaong Tala at sinundan Ito nang daan-daang milya. At dumaan Ito sa ibabaw ng bawat obserbatoryo, kung saan inaalam nila dun ang takbo ng panahon sa pamamagitan ng mga bituwin. At wala ni isang nakakita roon sa Tala maliban sa mga lalaking pantas. Oh, ang ganda! Hindi ba kayo nanabik sa bagay na iyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

¹⁴ Kaya naman, kita n'yo, hindi nakikipag-ugnayan ang Diyos sa mga organisasyon. Hindi Siya nakikipag-ugnayan sa grupo ng mga tao. Nakikipag-ugnayan Siya sa mga indibiduwal. Ipinahahayag Niya ang Kanyang Sarili sa mga indibiduwal. At ngayon—ngayon sinasabi ko ito, hindi ko ito. . . alam ng Diyos ang nilalaman ng puso ko. At hindi ko nga sinasabi ito para sa

pansariling layuning, maitaas ang sarili, kundi; para maipakita ko ito nang mabuti. Kaya naman, nalalaman n'yo ba, ang siya ring Diyos na naroon, ang siya ring Jesus na naroon, ay narito sa piling natin ngayong umaga? Alam n'yo bang, ang bawat isa sa inyo ay nagkaroon ng munting, indibiduwal na pagkasaksi rito sa mga oras na ito, na naririto nga Siya? At . . . May ginawa Siya para sa atin sa araw na ito na hindi Niya ginawa sa ibang mga panahon; nagpakuha Siya ng Kanyang Litrato sa panahon na ito. Mayroon tayo Nito at nakasabit nga *riyan*. Kita n'yo? Ang Haliging Apoy, ang siya ring Panginoong Jesus.

15 Masdan n'yo kung papaano Siya gumagawa ngayon. Kung Siya ang siya ring Panginoong Jesus, gagawin Niya ang gayon ding mga bagay, sapagkat sinabi ng Biblia, "Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

16 Ngayon, bago makapagpasya si Pablong magsalita tungkol sa bagay na ito, kung ito nga'y panig sa katotohanan o hindi, nagpunta muna siya ng Egipto at nanatili dun ng tatlong taon, upang alamin kung ito nga ay nakabatay sa Kasulatan o hindi. Nalalaman n'yo ba ang tungkol dito? Pagkatapos na mabago si Pablo, nagtungo siya't namalagi sa Egipto sa loob ng tatlong taon. Doon siya nanirahan, at doon din niya natanggap ang napakadakilang karunungan ito.

17 Ngayon, hindi naman sa paghahalintulad, sinasabi ko ito sa inyo para ipakita kung papaanong ganoon pa rin ang paggawa ng Espiritu Santo. Ngayon, natatandaan ito ng iglesya ko rito, na mga ilang taon na rin ang nakalipas, noong nagpakita ang Anghel na ito at nagpamalas ng mga bagay-bagay. May paga-alinlangan ako noon Dito. Alam ninyong lahat 'yan, kayong mga matatagal na rito. Kung inyong . . . Kung tanda n'yo, itaas n'yo po ang inyong kamay, kung natatandaan n'yo pa. Sige po. Ayan na nga, ayan nga ang iglesya, noong, nagpapasimula pa lang kami rito. Kita n'yo? May paga-alinlangan ako noon, dahil sabi sa akin ng mga mangangaral na Ito raw ay sa diyablo. At ako'y napaniwala nang kaunti, subalit naghintay ako. Ayaw kong magsalita noon nang patapos tungkol Dito.

18 Subalit, oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon! Isang gabi, sa malayong dako, bumaba Siya, bilang isang Anghel, at ipinahayag Ito doon sa Mga Kasulatan, na Siya na nga ito. At noong makita ko na Ito sa Mga Kasulatan, sinundan iyon ng pagsambulat Nito sa buong mundo, nito ngang Mensahe.

19 Buhat doon ay lumitaw sina Oral Roberts, A. A. Allen, Tommy Osborn, Tommy Hicks, at ang iba pa. Kita n'yo? Isang Mensahe ito para sa mga tao.

20 At si Jesus ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Opo Nasusulata, na Siya ay Siya rin. Ang Kanyang gawa ay hindi kailanman nagbabago. Siya ay Siya rin. At ang Kanyang pagganap ay hindi kailanman nagbabago.

Ang pagpapahayag Niya sa Kanyang Sarili ay hindi kailanman nagbabago. At naririto Siya, ngayong umaga, hindi kailanman nagbabago. Sa mga oras ngang ito maaaring makita natin Siya; maring hindi rin naman. Alinman diyan, mayroon pa rin tayong pagsaksi sa mga oras na ito na naririto Siya.

²¹ Ngayon, napag-alaman natin na, si Pablo, pagkatapos ng kanyang karanasan, at dun sa pagsusulat niya ng mga sulat, karamihan sa mga ito, ay isinulat sa bilangguan, pinaghambing niya ang Luma at Bagong Tipan. Ngayon tandaan n'yo 'to, ang huling manunulat ng Bibliang ito, na kinasihan ng inspirasyon, bumaba ang Diyos at sinabi sa kanya, "Kung ang sinuman ay magdaragdag ng anuman Dito o mag-aalis ng anumang mula Rito, ang taong ito ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay, ang tao ngang ito." Kaya nga't hindi tayo mangangahas na magdagdag ng anumang bagay Rito. Oh, dapat Itong manatili kung ano lamang Ito, wala talagang anumang dapat idagdag Dito. At kailangan nating tayuan nang may paninindigan ang lahat ng napapaloob Dito. Ayaw ko ng anumang lalabis, at ayaw ko rin ng anumang kukulang. Ang gusto ko ay kung ano lamang ang sinasabi Nito.

²² Ngayon, ang Aklat na ito ng Mga Hebreo, ang dahilan kung bakit napili ko Ito; ang tanging dahilan, isang bagay lamang po; ang sabi dun sa sulat, "Mahal kong Kapatid na Branham," at may mga nakapaloob dito. At, ako—ako, gustong-gusto kong makapanatili tayo sa Salita.

²³ Ngayon, ang unang kabanata, ay pagdadakila kay Jesus, kaya nga Siya yaong Isang tinutukoy roon. At ipinaalam nga sa atin ni Pablo, noong nakaraang gabi, na Siya ay naroon sa dakilang pasimula. At nalaman natin na Siya ay walang iba kundi si "Melquisedec, ang Hari ng Salem," ang Dakilang binabanggit sa ika-7 kabanata.

²⁴ At ngayon, sa umagang ito, tatalakayin natin ang tungkol sa Kanya mula sa iba na namang, ibang kuha, mula naman sa ika-2 kabanata. Ngayon, matapos na ibigay sa atin ni Pablo itong napakadakila, at kamangha-manghang Mensaheng ito, ng pagdadakila kay Jesus, "Na maging ang mga Anghel ay sumamba sa Kanya." At naiisip ko nga, yaong pagkasabi rito, na itong sanlibutan, kung papaanong ito'y mangaluluma: "Na Kanyang bibilitin iyon gaya ng isang balabal, at sila'y mangapapahamak, datapatwat Ikaw ay nananatili."

²⁵ At sa ika-2 kabanata, ika-2 talata po pala, ganito ang sabi, "Ay nagsalita Siya sa atin sa mga araw na ito sa pamamagitan ng Kanyang Anak." At, pansinin n'yo, "Sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan ay nagsalita Siya sa atin sa pamamagitan ng mga propeta." Natalakay na natin at nalaman kung ano nga ba ang propeta, at kung papaanong inihahayag ng Diyos ang Kanyang Mensahe sa pamamagitan ng mga propeta. "Subalit

sa huling araw na ito ay nagsalita Siya sa pamamagitan ng Kanyang Anak, si Jesus, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Nagsalita Siya sa pamamagitan ng mga propeta, nang unang panahon.” Nagbalik-tanaw nga tayo riyan at napag-alaman nating, ang lahat ng mga propetang naroon ay nagtataglay ng Espiritu ni Cristo.

²⁶ Nagbalik-tanaw tayo kay Joseph at napag-alaman nating ganap siyang tumitipo kay Cristo. Nagbalik-tanaw tayo kay Moises at napag-alaman nating ganap siyang tumitipo kay Cristo. Pagkatapos ay dumako rin tayo maging kay David. At noon ngang tinanggihan si David sa Jerusalem, sa hindi niya malamang dahilan, heto nga’t umakyat na lamang siya sa burol at napasulyap na lamang, habang nasa Bundok ng Olibo, at dun ay tinangisan niya ang Jerusalem dahil tinanggihan nila siya. Walong daang taon pagkatapos mangyari nun, ang Anak ni David ay tinanggihan naman bilang Hari nila, doon nga sa Jerusalem, at naparoon din sa parehas na burol at tumangis. Oh, ang Espiritu nga iyon ni Cristo, na nakikipag-ugnayan sa mga indibiduwal!

²⁷ Ngayon, sa pagsisimula rito ni Pablo, sinabi niya:

Kaya’t nararapat nating pagkatantuin ang mga bagay na narinig, . . .

²⁸ Sa ika-2 kabanata na po, ngayon, nag-uumpisa na tayo.

Kaya’t nararapat nating pagkatantuin ang mga bagay na narinig, baka sakaling . . . tayo’y makahagpos.

²⁹ Oh, nawa’y patimuing mainam ng Diyos ang bagay na ito sa tabernakulo ngayong umaga. Dinadalangin kong patimuin iyon ng Espiritu Santo sa kaibuturan ng inyong mga puso. “Nararapat nating pagkatantuin ang mga bagay na narinig.” Anong uri nga dapat ba tayo ng mga tao, sa pagsumpong natin sa dakilang Jehovah na nanaog at ginanap ang mga bagay na Kanyang laging ginagawa, ngayon ngang nakita na natin ang mga bagay na ito na pinagtipo-tipo, Kasulatan sa Kasulatan, at nalamang Katotohanan nga ang mga iyon? At nauupo lang tayo hindi ba kung minsan na akala mo’y mga lumot sa isang patay na kahoy, at sadyang walang pakialam sa paligid. Dapat sana ay abala tayo, minu-minuto, nagsisikap na mang-akay ng mga tao patungo kay Cristo. Dapat sana ay mga batong buhay tayo. Hindi dapat tayo mga tatamad-tamad kagaya ng kinagawian natin. Hanggang pasimba-simba lang tayo, at pagkasaksi natin sa Panginoong Jesus na nagpapamalas ng mga bagay-bagay, o—o minsan pa nga nagpapamalas ng pagpapala sa atin sa kamangha-manghang paraan, tapos sa ating—ating pag-uwi ay simpleng sasabihin lang natin, “Ang ganda nung pagtitipon.”

³⁰ Ngayon, ang pangangaral ng Salita, kagalakan natin ito, subalit hindi ito nagtatapos dito. Hindi po. Hindi lang natin dapat sinasamba ang Panginoon pagkatapos nating makinig sa

pangangaral ng Salita, gaya ng kadalasan nating ginagawa, na dun lang natin Siya sinasamba. Mainam naman 'yan. Subalit dapat natin Siyang sambahin sa bawat oras ng buhay natin. Kapag nasa trabaho tayo, dapat sana'y sambahin natin Siya. Sa tuwing may pagkakataon, sumamba kayo sa Panginoon sa pamamagitan ng pagpapatotoo tungkol sa Kanya.

Kung may makita po kayo, mga kababaihan natin dito, may makita kayong isang babae na nalilihis sa mali, sambahin n'yo ang Panginoon sa pamamagitan ng pagyaya sa kanya sa isang tabi at sabihin n'yo, "Kapatid, alam mo bang may mas mainam na buhay kaysa ryan."

³¹ Kayo namang mga kalalakihan natin sa inyong trabaho, kapag may narinig kayong may bumabanggit ng Pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan, maghanap ka ng tiyempo at lapitan ang taong ito, at ayain mo siya sa isang tabi, at sabihin mo, "Alam n'yo, may mas mainam na buhay kaysa ryan. Hindi n'yo po dapat binabanggit ang ganyang mga pananalita." At sabihan mo nga siya sa isang maamo, at banayad na paraan. Ang lahat ng mga bagay ngang ito ay pagsamba.

At kapag may nakita tayong maysakit, at sinasabi na ng doktor na wala nang remedyong magagawa pa sa kanila, dapat nating sambahin ang Panginoon sa pagsasabi sa kanila, "May Diyos ng Langit na tumutugon ng panalangin."

³² At pagkatapos kapag nakita na nating ang mga bagay na ito ay nagkakaroon na ng katuparan, at madalas na natin itong nakikitang nangyayari, huwag na nating hayaang makahagpos pa ang mga bagay na ito. Pinakakawalan pa kasi natin ito samantalang nasa mga kamay na natin. Ganyan na ganyan ang nangyayari dito sa dakilang iglesyang Pentecostal ngayon. Hinayaan nilang makahagpos ang pinakamainam na bagay na ito, gayong nasa mga kamay na nga nila ito. Kaya nga naman, tingnan n'yo sila ngayon, nakigaya sila sa mga iba pang mga iglesya. "Nakikigaya sila sa pagsalangsang . . . sa daan ni Korah, at nangapahamak; at sa daan ni Cain, at nangapahamak sa pagsalangsang ni Korah."

³³ Nag-organisa sila. Sa halip na magkaroon ng pagkakapatiran kung saan lahat sana tayo'y maaari namang maging iisa, bumuo sila ng mga grupo-grupo. Bumuo sila ng mga sari-sariling organisasyon at ilang mga ismo, at mula sa mga iyan ay kung saan-saan na sila napadpad at kanilang nasira tuloy ang pagkakapatiran. At kung hindi kayo magiging maingat, ang mga Baptist at ang mga Presbyterian ang hahalili, 'pagkat, "Kaya ng Diyos na makapagpalitaw ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito." At atin ngang—atn ngang napababayaang itong makahagpos samantalang nasa mga kamay na natin ito dahil sa kawalan natin ng pagkakaisa.

³⁴ Papanong naiwala ng mga Indian ang bansang ito sa mga puti? Iyon nga'y dahil sa kawalan nila ng pagkakaisa. Kung pinagsama-sama sana nila ang kanilang puwersa at bumuo ng isang malaking hukbo. . . Kaso sila-sila mismo ang naglaban-laban sa isa't isa. Napanatili sana nila ang kanilang lugar kung nagsanib puwersa silang lahat.

³⁵ Anong dahilan at naiwala natin ito? Dahil nga sa kawalan natin ng pagkakaisa. Anong dahilan at naiwala natin ang karanasan natin sa Diyos, ito nga'y dahil nga sa kawalan natin ng pagkakaisa. Bubuo tayo ng grupo, at tatawagin natin *ito* na—na Methodist, at *ito* naman ang Baptist, at *ito* ang Assemblies, at *ito* naman ang Oneness, at *ito* ang *iba pa*, at ang church of God, at ang Nazarene, ang Pilgrim Holiness. Pinagbaha-bahagi natin ang Katawan ni Cristo. Hindi dapat tayo nagkakabaha-bahagi. Maaaring magkakaiba tayo ng mga pananaw, subalit subukan nating maging puso-sa-pusong makakapatid. Nais ng Diyos na maging gayon nga tayo. Namatay Siya para sa buong Iglesya ng Diyos. Kaya naman ayaw nating magkabaha-bahagi.

Kaya't nararapat nating lubos na pagkatantuin. . . baka sakaling tayo'y makahagpos.

Sapagka't kung ang ipinangusap na salita sa pamamagitan ng mga anghel ay nagtibay. . .

³⁶ Napansin n'yo ba Iyon? “Kung ang ipinangusap na salita sa pamamagitan ng mga anghel. . .” Ngayon, ang *anghel* ay ang “mensahero.” Ang salitang *anghel* ay nangangahulugang ang “mensahero.” At natalakay na natin ito, sa unang aklat dito, “Ang Diyos, sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan, ay nagsalita sa mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta.” Iyon nga ang mga mensahero ng Diyos. At sila nga'y—sila nga'y mga mensahero ng Diyos, sila nga'y mga anghel ng Diyos. Ang isang mensahero ay isang anghel; o ang isang anghel ay ang mensahero, ganyan po.

³⁷ Isa ngang mensahero! Isa kang mensahero, ngayong umaga. Ika'y. . . Ikaw ay maaaring tinalagang maging isang mensahero ng mabuting balita o isang mensahero ng masamang balita. Oh, hindi ba't napakainam nito, na malamang mga kinatawan tayo, na tayo ay mga anghel, ang mga mensahero ng pagkabuhay na mag-uli? At tayo ay ang mga mensahero ng Diyos na pinadala sa makasalanang sanlibutang ito, na nagpapatotoong buhay si Cristo. Sa ating mga puso, nabubuhay Siya. Sa ating mga espiritu, nabubuhay Siya. At Kanyang hinango tayo mula sa napakahalay na pamumuhay sa kasalanan, at itinaas tayo, at sinilidan tayo ng isang “hallelujah” sa ating mga kaluluwa, at ginawa tayong mga bagong nilalang. Tayo ay mga mensahero, mga anghel ng Tipan. Talagang napakainam nito!

³⁸ At ngayon, dito po sa Lumang Tipan, “Kung—kung ang ipinangusap na salita ng mga anghel ay nagtibay,” sa ganoon

ngang paraan ay natitiyak nating tama iyon. Sa Lumang Tipan, bago magkaroon ng katuparan ang sinasalita ng isang propeta, kinakailangan muna itong masiyasat at mapatunayan. Hindi sila padalos-dalos noon sa bagay na ito, kagaya natin ngayon.

³⁹ Ngayon ay makadama lang tayo ng kakaibang sensasyon, o kakaibang pakiramdam ay sasabihin natin, “Oh, luwalhatiin ang Diyos, itong-ito na ‘yun!” Nagkakamali kayo ng akala.

Sinabi ng Biblia, na, “Sa huling mga araw, gagayahin ng diyablo ang Cristianismo, anupa’t halos katulad na katulad, na kung maaari ay dayain nito pati ang Mga Hinirang.” Siyanga po. Kaya naman, dapat natin itong masubok.

⁴⁰ At papaano nila iyon sinusubok noong panahon nila? Sa pamamagitan ng Urim Thummim. Ang pektoral ni Aaron, na may nakalagay na mga bato: karbungko, haspe, diamante, rubi, zapiro. Ang lahat ng mga batong naroon, na kumakatawan sa kapanganakan ng kanilang labindalawang patriarka, ay nasa pektoral ni Aaron. At kapag nagpropesiya ang isang propeta, at kumislap dun ang sagradong Ilaw, sinasabi nga ng Diyos na, “Iyon ang Katotohanan.” Subalit, gaano mang parang totoong-totoo iyon, kung hindi ‘yun kumislap doon, hindi ‘yun ang Katotohanan. Sa ngayon, wala na ang Urim Thummim na ito kasama ng pagkasaserdote noong panahong iyon.

⁴¹ Subalit sa panahon natin ngayon ang Bibliang ito ang Urim Thummim ng Diyos. At sa tuwing magpropesiya ang isang propeta, dapat itong ganap na kumislap sa Biblia. Sa puntong iyon, sabi nga ng Diyos, saka Siya bababa at patutunayan Ito.

⁴² Oh, sadyang maluluwalhati ko ang Diyos sa mga oras na ito! Naaalala ko ang isang Linggo ng umaga, parang ganito rin, noong paluwas ako mula rito sa tabernakulo. At nagsisiyakan kayo noon at hinihiling sa aking huwag nang lumuwas pa. Subalit, noong, nangaral ako tungkol kay David at Goliath, at sinabi ko nga sa inyo kung papaano ninyo kahaharapin ang malamig, at mapag-walang bahalang sanlibutang nagsasabing lumipas na ang mga araw ng mga himala.

⁴³ Sabi ko roon, “May isang malaking higante, at sa sandaling mapatay natin siya, ay lalakas ang loob ng iba pa sa kanila.” At ipinagkalooob ‘yun ng Diyos. At pagkatapos ay lumitaw na ang isang Oral Roberts at isang Jagers, at iba pa, hinugot ang Tabak, at ginapi natin ang kaaway palabas ng lupain, itinikom natin ang kanilang mga bibig. Hindi nila masasabing wala nang nagaganap na mga himala, ‘pagkat heto nga sila. Tunay nga. Ang Salita ng Diyos ay Walang Hanggan. Kumislap Ito sa Urim. Kumislap sa Salita, na siyang Kanyang Urim Thummim. At noong kumislap ito Roon, hindi ito mapasusubalian.

At sa sinumang may matinding pangangailangan, kung isa ka mang makasalanan, at nais mong malaman kung papaano maliligtas, “Manampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo.”

44 Ngayon, napakarami raw nating kinakailangang gawin. “Kinakailangan daw magbuklat ng panibagong kabanata sa ating buhay. Kinakailangan mo raw gawin ang *ganito* at gawin ang *ganoon*, para maligtas.”

Naalala ko tuloy 'yung bantay roon sa bilangguan na taga-Filipos, noong tinanong ng naturang bantay si Pablo, “Ano ang kinakailangan kong gawin upang maligtas?”

Kung ako 'yun o ikaw man, marahil sinabi na sana natin sa kanya ang mga bagay na *hindi* niya dapat gawin. “Dapat mo nang ihinto ang pag-inom ng alak. Dapat mo nang ihinto ang iyong pagsusugal, ang pagsusugal mo. Dapat mo nang ihinto *ito*. Dapat mo nang ihinto *iyon*.”

Pero hindi ganun ang sinabi sa kanya ni Pablo. Sinabi lang niya ang mga bagay na *dapat* niyang gawin. “Manampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka.”

45 Ngayon, “Ang dumirinig ng Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may Buhay na walang hanggan.” Iyan nga ang Urim Thummim na kumikislap, San Juan 5:24. “Ako ang Panginoon na nagpapagaling ng lahat ng iyong karamdaman.” Santiago 5:14, “Ipatawag ang mga matanda sa iglesia, magpahid ng langis, ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit.” Kumikislap ang Urim. Kita n'yo? Iyan nga ang Walang Hanggang Salita ng Diyos.

46 Wala akong pakialam kung gaano pang karaming ateista, mga hindi naniniwala sa Diyos, mga hindi sumasampalataya, mga mapagduda ang magsisilitaw. Manininindigan ang Diyos sa Kanyang Salita. Ipinangako Niyang gagawin Niya ito.

47 “Kaya't nararapat nating pagkatantuin ang mga bagay na ating narinig, baka sakaling tayo'y makahagpos. Sapagkat kung ang ipinangusap na salita sa pamamagitan ng mga anghel (ang mga propeta) ay nagtibay. . . .” Pinagtibay nga ba? Maaari nating talakaying ito nang buong isang linggo.

48 Napagtibay nga ba noong nagsalita si Moises? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Tunay ngang pinagtibay.

Papaano naman si Elias, na nakaupo sa ituktok ng bundok? Sinabi sa kanya ng Panginoon, “Umakyat ka roon, Elias. Kakasamahin Kita roon; nais kitang makausap doon.” Gusto ng Diyos na makipag-ugnay sa Kanyang mga hinirang. Pero wala tayong kakayahang makapanatili sa isang tabi para makinig sa ipangungusap Niya sa atin. Napakaabala natin na hindi tayo makapanatili sa isang tabi, kung saan-saan tayo nagsisipunta, at hindi tayo mapakali. “Manatili ka lang, Elias.” Nais Niya ng tatlong taon at anim na buwan na pakikipag-usap. Ni nindi nga natin Siya mapag-ukulan ng kahit tatlong minuto, lang. Tatlong taon at anim na buwan ng walang tigil na pakikipag-usap. Oh,

gustong-gusto ko 'yun! Sabi pa, "Huwag mo nang problemahin ang luluuin; inasikaso na 'yan. Pakakainin ka ng mga uwak. Wala ka nang aalalahanin pa. Nais Ko lang na makipag-ugnay sa iyo." Ang matandang propetang ito, si Elias, nakaupo siya roon sa ituktok ng bundok, habang nangugusap sa kanya ang Diyos, aba, sabi ng punong kawal, "Palagay ko'y dapat ko siyang akyatin dun at ibaba rito." Ngayon, huwag na huwag n'yong susubukang gambalain ang ganoong pakikipag-ugnay ng Diyos kahit ano pang mangyari.

49 At heto na nga, umakyat doon ang punong kawal, kasama ang malaking hukbo ng mga kalalakihan, mga nasa limampu sila. At sabi niya, "Ako—ako—ako ay pumarito upang ibaba ka riyon, Elias."

50 At tumayo si Elias. Humanda na kayo, heto na ang propeta ng Panginoon! Sabi niya, "Kung ako'y lingkod ng Panginoon, bumaba ang apoy na mula sa langit at supukin kayo." At ang apoy nga'y bumaba. Ang sabi nung punong kawal . . .

51 "Oh, ano ba kayo?" Yung hari, pala, sinabi niya, "Isang—isang kulog lang 'yun marahil, isang kidlat lang na napadaan, at nakidlatan sila. Magpapadala ako ng panibagong limampu."

52 Tumayo si Elias, isa siya sa mga anghel, ang salita niya ay pinagtibay. Kinakailangan niyang maging isang matuwid na parusa para sa lahat ng nagawang pagsalangsang. Sinabi niya, "Kung ako'y lingkod ng Panginoon, bumaba ang apoy." At natupok ang ikalawang limampu. Ganoon nga. Bawat parusa!

Sapagka't kung ang ipinangusap na salita sa pamamagitan ng mga anghel ay nagtibay, at ang bawa't pagsalangsang at masuwayin ay tumanggap ng matuwid na parusa . . .

53 Ngayon, heto na po ang mainam, ang kasunod na talata.

Paanong makatatanan tayo, . . .

54 "Paanong makatatanan tayo?" Kung ang tinig ni Elias ay nagdulot ng pagkawasak, sapagkat siya nga'y isang anghel ng Panginoon, papaano tayo makatatanan kapag ang Tinig na ni Cristo ang mangungusap? O kaya naman, paano tayo mabibigo kapag naipanalangin na kayo, kung Ito nga ang Tinig ni Cristo? Kung itinalaga ni Cristo ang Kanyang Iglesya na manalangin para sa mga maysakit, at gagawin ng Iglesya ang sinabi Niyang Kanyang . . . na dapat nilang gawin, papaanong mabibigo Ito? Hindi nga maaari. Maaari ngang mabigo kayo, subalit hindi Ito maaaring mabigo. At hangga't tinutupad ninyo Ito, kayo ay ilalayo Nito mula sa kabiguan.

55 Kung mabigo kayo, kayo 'yan na nabigo. Lumayo kasi kayo sa Salita. Subalit hangga't nananatili kayo sa Salita, hindi Ito maaaring mabigo. Sapagkat ang salita nga ng mga propeta ay

gumawa ng *ganito-at-ganoon*, gaano pa naman kaya ang Salita ni Cristo?

Paanong makatatanan tayo, kung ating pabayaan ang ganitong dakilang kaligtasan; na pinasimulang ipinangusap ng Panginoon sa atin noong una, ay pinatunayan sa atin sa pamamagitan ng mga nakarinig;

⁵⁶ Isipin n'yo Ito, ang ipinangusap ng Panginoon. Ilang beses ba natin ito puwedeng balik-balikan? Saan tayo makahihinto, kung maaari lang ay mangusap tayo patungkol dito sa loob ng isang oras? Noong naparito si Jesus, Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

⁵⁷ Ngayon, alalahanin n'yo, unang-una ay ipinangusap muna 'yun ni Jesus, Mismo, at tapos ay pinatunayan sa pamamagitan ng mga nakarinig sa Kanya. Ngayon pakinggan n'yo Siya.

⁵⁸ Noong naparito Siya sa lupa, hindi Niya binansagan ang sarili na isang tagapagpagaling. Sinabi Niya, "Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa; ang Aking Ama na nananahan sa Akin. Siya ang gumagawa ng mga gawa. Hindi makagagawa ang Anak ng anuman sa Kanyang Sarili, kundi ang nakikita Niyang ginagawa ng Ama," San Juan 5:19.

⁵⁹ Masdan n'yo nung nilapitan Siya ni Felipe. Si Natanael . . . Pagkatapos na maging mananampalataya ni Felipe, humayo siya at nakita niya si Natanael. Sabi, "Pumarito ka, tingnan mo kung Sino ang nasumpungan namin: si Jesus na taga-Nazaret, ang Anak ni Jose."

⁶⁰ At sabi nito, "Mangyayari bagang lumitaw ang anumang magaling na bagay sa Nazaret?"

⁶¹ Sabi, "Pumarito ka, tingnan mo." Sa ganitong paraan ka mapaniniwala: saksihan mo nang maniwala ka Rito. Pumarito ka at tingnan mo. Oh, 'yun nga ang pinakamagandang narinig ko kailanman. Pumarito ka at ikaw na mismo ang sumaksi. Huwag kang patayo-tayo lang diyan sa tabi-tabi at kung anu-anong puna na lang ang ibabato mo mula riyan sa gilid, kundi, "Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay, at ingatan ninyo ang mabuti." Pumarito ka at tingnan mo.

⁶² Humayo na sila sa daan, na nag-uusap. At nung lumapit na siya sa Presensya ng Panginoong Jesus, sinabi ng Panginoon, "Narito ang isang Israelita na sa kanya'y walang daya."

⁶³ Halos matalupan siya ng buhay, sa kahihyan. Nagpalingalinga siya, sabi, "Buweno, Rabi, kailan Mo ako nakilala? Hindi Mo pa naman ako nakikita. Papaano Mo ako nakilala?" Sabi ni Felipe . . .

⁶⁴ "Bago, noong tinawag ka niya . . ." Sabi, "Bago ka tinawag ni Felipe, kahapon, nang ikaw ay nasa ilalim ng puno ng igos, ay nakita na Kita." Amen.

65 Sumagot siya, “Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel.”

66 Isang babae ang lumapit sa Kanyang Presensya, at sinabi Niya, “Humayo ka, dalhin mo rito ang iyong asawa.”

Sabi nito, “Wala akong asawa.”

67 Sabi, “Tama ’yun. Nagkaroon ka na ng limang asawa, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa. Sinabi mo ang katotohanan.” Isipin n’yo nga ’yun.

68 Sabi nito, “Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang Propeta. Dahil, nalalaman naming pagparito ng Mesiyas ay ipahahayag Niya sa amin ang lahat ng bagay.”

69 Sabi Niya, “Ako nga Siya, na nagsasalita sa iyo.”

70 At kumaripas siya ng takbo at ipinamalita sa taumbayan, “Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang isang Lalaki na nagsabi sa akin ng lahat ng bagay na aking ginawa. Mangyari kayang ito ang Mesiyas?” Iyon nga’y sinalita ng Panginoon.

71 Ano nang sumunod? Sinabi ni Jesus, bago Siya lumisan, “Ang mga bagay na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo.” Tama ba ’yun? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang mga bagay na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo, at higit pa nga rito, sapagkat Ako’y paroroon na sa Ama.” Oh, nakikinita ko sila habang sila’y nagsisihayo, sa lahat ng dako. Marcos 16, “Nagsihayo sila sa lahat ng dako, nagsipangaral; na gumagawang kasama nila ang Panginoon, pinatotohanan ang Salita.”

At dito, si Pablo, gayon din ang kanyang sinasabi. Sinabi niya na ang—ang Ebanghelyo ay unang-una ipinangaral muna ni Jesus, at pagkatapos ay pinatunayan ng mga nakarinig sa Kanya. Iyon ang Tatagang Bato na pinagsasaligan. Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon! Iyon ang Tatagang Bato.

72 At ang isiping, dalawang libong taon na rin ang nakalipas. Nagsilitawan ang mga ateista, at mga hindi naniniwala sa Diyos, at mga mapag-alinlangan, at mga hindi nanampalataya. Subalit, maging sa panahon ngayon, pinatutunayan pa rin ng siya ring si Jesus ang Kanyang Salita sa gayon ding paraan sa pamamagitan ng dumirinig sa Kanya. “Pakinggan ninyo Siya,” hindi ibig sabihin ay makinig lang ng isang pangangaral. Ibig sabihin nun, *Siya* ang pakinggan ninyo. Tama.

73 Papaano tayo makatatanan? Saan tayo makatatakas? Oh, sasabihin mo, “Purihin ang Diyos, kabilang kasi ako rito sa iglesyang Methodist. Presbyterian kasi ako. Pentecostal kasi ako.” Walang anumang kinalaman ’yan Dito. At pagkatapos tatayo kayo sa isang gilid at tuwang-tuwa pa kayong tawagin Itong “espirituwalismo, o simpleng pagbabasa ng isip, o may sa demonyo,” o kung anu-ano pa. Mahiya naman sila!

74 “Kung ang bawat salita sa pamamagitan ng mga anghel ay nagtibay . . .” Sinabi ni Jesus, “Hindi na magtatagal . . . Sandali na lamang, at Ako’y hindi na makikita nitong sanlibutan. Pero, Ako’y inyong makikita, sapagkat Ako’y sasainyo, sumasainyo palagi, hanggang sa katapusan ng panahon.” At kapag makita na natin Siyang bumaba, upang patuloy na patunayan ang Kanyang Salita, papaano tayo makaliligtas kung sisilong tayo sa kandili ng isang iglesya, o isang organisasyon, o denominasyon, o isang munting teoryang hindi n’yo mabitaw-bitawan? Maiging kumawala na kayo riyon. “Sapagkat ang bawat kasalanan ay tumanggap ng matuwid na parusa sa mga anghel, gaano pa naman kaya kapag ang Anak na ng Diyos ang nagsasalita mula sa Kalangitan, upang dalhin sa katuparan ang Kanyang Salita! Paanong makatatanan tayo, kung ating isasawalang-bahala ang ganitong kadakilang kaligtasan?” Oh, naku! “Na pangang sinasaksihan naman ng Diyos . . .”

Sa ika-4 na talata:

Na pawang sinasaksihan naman ng Dios na kasama nila, . . .

75 Masdan n’yo itong maigi. Sinaksihan ng Panginoon. Oh, lubos kong ikinagagalak ito! Sinaksihan ng Panginoon.

76 Tingnan n’yo. Noong nakaupo roon si Elias sa burol, sabi niya, “Kung isa akong tao ng Diyos, bumaba ang apoy mula sa Langit at supukin kayo.” Pinatotohanan ng Diyos na siya ay *tunay* ngang isang tao ng Diyos.

Nagpapatotoo ang Diyos sa tuwina. Ang buhay ninyo ay magpapatotoo. Hindi ko alam kung ano ang inyong patotoo, subalit nangungusap nang hayag na hayag ang buhay ninyo, kahit pa hindi na kayo magsalita. Dahil, ang inyong—inyong pamumuhay, ang buhay ninyo sa araw-araw ay magpapatotoo kung ano nga kayo. Nagpapatotoo ang Diyos. Oo. Ang Espiritu Santo ay isang tatak, at naseselyuhan ng isang tatak ang magkabilang bahagi ng papel. Makikita kayong nakatayo *rito* ng mga tao at makikita rin nila kayo kahit na wala kayo rito. Hindi lang kayo nasusubaybayan sa simbahan kundi sa araw-araw na gawain. Natatakan na kayo sa magkabilang bahagi, sa loob at sa labas. Sa pamamagitan ng kagalakang taglay n’yo, at sa pamamagitan ng buhay na ipinamumuhay n’yo, kayo’y natatakan, sa loob at sa labas, at alam ninyong kayo’y ligtas na at alam din naman ng sanlibutang kayo’y ligtas na, sa pamamagitan ng buhay na inyong ipinamumuhay, dahil nga nagpapatotoo sa inyo ang Diyos. Purihin ang Kanyang Banal na Pangalan! Napakaganda, ako nga’y lubos na napupuspos sa mga oras na ito!

77 Isipin n’yo iyon, mga kapatid kong, nariyan. Oh! “Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking Tinig, at sa iba’y hindi sila susunod.” Oh, napakaganda ngang isipin na ang mga pangalan

natin ay naroon sa mga palad ng Kanyang kamay! Ito nga'y naroon sa Kanyang harapan, araw at gabi. Ang Kanyang Salita ay naroon sa Kanyang harapan sa tuwina, ang Pangako Niya. Hindi Siya nakalilimot. At iniibig Niya kayo.

⁷⁸ Ngayon, patototohanan Niya ang sariling Kanya. Hindi n'yo na kailangang magbukas ng bibig at magbitiw ng isang salita, malalaman ng sanlibutan na may kakaibang nangyari sa inyo.

. . . pawang sinasaksihan, sa pamamagitan ng mga tanda at mga kababalaghan, at sa pamamagitan ng saganang kapangyarihan, at ng mga kaloob ng Espiritu Santo, ayon sa kaniyang sariling kalooban?

⁷⁹ Kuhanin na lang natin ang isa pang Kasulatan bago tayo magtapos; doon sa Araw ng Pentecostes, noong matanggap nila ang Espiritu Santo. Mga apat na araw ang lumipas, napadaan si Pedro sa pintuan na tinatawag na Maganda; siya at si Juan. Ang sabi nila, "Tingnan mo kami," dun sa isang lalaki. At sabi niya, "Pilak at ginto ay wala ako, datapuwat ang nasa akin ang siya kong ibibigay sa'yo. Sa Pangalan ni Jesus na taga-Nazaret, tumayo ka at lumakad." At tiningala sila ng lalaki at hindi siya nag-alinlangan sa sinabi nila sa kanya. Basta tumayo lang siya at naglakad na. Sila nga'y mga mangmang at walang pinag-aralan. Subalit sinabi ng Biblia, "Kinailangan nilang makinig sa kanila, sapagkat nangapagkilala nilang sila'y nangakasama ni Jesus."

⁸⁰ Kapatid, kung mapagkikilala ng sanlibutan na kasama mo na si Jesus, kung makapamumuhay ka ng isang napakadalisay na buhay sa modernong sanlibutang ito at sa kadilimang ito, sa puntong ito ay mapagkikilala ng sanlibutan at makikita nilang nakasama mo na nga si Jesus; kapag ang isang pariwara, at mahalay na patutot na pagala-gala sa lansangan ay nabago at naging isang mahinhing babae, nahugasan sa Dugo ng Cordero; pinapatotohanan lamang ng Diyos na Siya'y buhay nga.

⁸¹ Ipagpahalimbawa natin ang isang lasenggo, na sa saksakan ng sama ay lagi na lang niyang binibilog ang ulo ng kanyang misis, at pagmamalupitan pa niya ang kanyang mga anak, at imbis na gastusin na lang ang kinita para may panawid-gutom ang pamilya, lulustayin pa niya 'yun sa isang bayarang babae. Pero hayaan n'yo siyang makasama ni Jesus kahit minsan lang. Makikita n'yong manunumbalik siya, kagaya ni Pulutong, na nasa katinuan na ang pag-iisip at nadaramtan na nang maayos, babalik sa kanyang mga anak at sa kanyang maybahay at sa kanyang mga mahal sa buhay. Siyanga po.

⁸² Ilang panahon na rin ang nagdaan, mga apatnapung taon na ang nakalipas, noong magtagpo-tagpo ang mga relihiyon ng daigdig, at nabigyan ang bawat isa sa kanila ng pagkakataong magsalita. At nagsalita yaong Mohammedan para sa relihiyong Mohammedan. Ang mga Jain ay nagsalita para sa mga Jain; ang mga naniniwala naman kay Buddha ay para kay Buddha.

At isang mapagpakumbabang doktor, nakalimutan ko na kung ano ang apelyido niya, pero alam ko 'yun dati. Alam ko ang pangalan niya, pero nakalimutan ko lang ito. Nagsalita rin siya para kumatawan sa Cristianismo. At kanyang isinalaysay ang kuwento ni Lady Maccabee ng Oklahoma, sa Amerika.

Sa sobrang halang ng bituka ng babaing ito at saksakan ng sama, nung kuyugin na siya ng mga taga-dakip para mabitay, ni ayaw nila siyang hawakan, dahil lubos siyang pinandirian at talagang napakarumi. Dinakip nila siya sa salang: paghitit ng sigarilyo; pagmamaneho ng karwahe; at paglabag sa—sa—sa batas, nagpatong-patong ang kanyang kaso sa Oklahoma, dahil nagmaneho siya sa lansangan, ng karwaheng hila-hila ng apat na kabayo. At sa sobrang dumi niya at pinandiriang mainam ni ayaw ng mga taumbayang mamalagi sa mga lugar kung saan siya namalagi; na maging, sa puntong bibitayin na siya ng mga tagabitay, ni ayaw nila siyang lapitan para ibitin. Binuhusan na lamang nila siya ng mainit na alkitran na may kasamang mga balahibo ng ibon, hanggang mamatay siya.

At noong isinasalaysay ng munting mangangaral na ito ang kuwento ng babaing ito, sa paraang, mapapaupo ang mga tao sa dulo ng kanilang mga kinauupuan, pinakikinggan kung ano na ang susunod na mangyayari. Noong makarating na siya sa bahaging: halang ang bituka, saksakan ng dumi, pinandirian, na kung maaari nga'y pabayaang na siya ng batas, tatal ganun siyang kababang uri. Maging ang diyablong namamalagi roon sa impiyerno ay isusuka ang ganoong klaseng tao, marahil, sa pagkakasalaysay niya sa kuwento. Pagkatapos ay sinabi niya, “Mga kapita-pitagang lalaki mula sa mga relihiyon ng daigdig, ang relihiyon n’yo ba’y mayroong anuman na makapaglilinis sa mga kamay ni Lady Maccabee?”

⁸³ Tahimik lang sa upuan ang lahat. Saka niya ipinalakpak ang kanyang mga kamay, at lumukso-lukso sa ere. Sabi niya, “Luwalhatiin ang Diyos! Hindi lang lilinisin ng Dugo ni Jesus Cristo ang kanyang mga kamay, kundi lilinisin din Nito ang kanyang puso at gagawin siyang Kanyang Nobya.” Sasabihin ko ito sa inyo:

Kamangha-manghang biyaya! Napakasarap
sa tainga,
Na ang tulad kong kapus-palad ligtas kahit di
karapat-dapat!
Ligaw man ako noon sa daan, subalit ngayon
ay nasumpungan,
Dating pinid ang mga mata, subalit ngayon ay
nakakakita.

Biyaya ang nagturo na matakot yaring puso,
Sa biyaya rin panlulumo dagling maglalaho;

Wala na ngang maitutumbas sa biyaya Mong
naipamalas
Nang mga oras ngang iyon pananampalataya
ko'y tuon!

⁸⁴ Tunay nga. “Papaanong makatatanan tayo, kung pabayaan natin ito?” Magpabaya kang huwag kumain, mamamatay ka. Magpabaya ka sa pagliko mo sa isang kanto, madidisgrasya ka. Pabayaan mong huwag gatasan ang baka, mawawalan siya ng gatas. Pabayaan mo ang ngipin mo, balang araw ipabubunot mong lahat iyan. Ganun nga. Kayo mismo ang magbabayad sa inyong sariling kapabayaan.

⁸⁵ Oh Branham Tabernacle at sa ating mga bisita, hayaan n’yo pong sabihin ko sa inyo ang isang bagay. Kung hahayaan n’yo ang inyong sariling hindi makapagpatotoo sa kaluwalhatian ng Diyos, kung hahayaan n’yong hindi kayo makapagbigay sa Diyos ng papuri at kaluwalhatian, masumpungan ninyo ang inyong mga sarili na malamig, pormal, at tumalikod na sa pananampalataya, isa sa mga araw na ito. Purihin n’yo dapat ang Diyos. “Papaanong makatatanan tayo, kung pabayaan natin ang ganitong kadakilang kaligtasan?”

⁸⁶ Tanghali na pala. Mangyaring napansin ko, si Kapatid na Toms na dumaan diyan sa bandang likuran. Magtatapos na po tayo at ipagpapatuloy na lang po natin ito mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon.

Manalangin tayo pansumandali.

⁸⁷ Makalangit naming Ama, mauwi nawa sa Iyo ang lahat ng pagpapala, at mga papuri, at karangalan, at kaluwalhatian, at karunungan, at kalakasan, at kapangyarihan, magpakailan-kailanpaman. Oh, sa Corderong nakaupo sa Luklukan, ang mga kapamahalaan at mga kaharian at ang lahat-lahat ay sa Kanyang kamay ipinagkaloob. Noong bumangon Siya mula sa mga patay, para sa aming pag-aaring-ganap, isinigaw Niya sa buong sanlibutan, “Ang lahat ng kapamahalaan sa Langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa Aking kamay. Dahil dito, magsiyaon nga kayo, sa buong sanlibutan at inyong ipangaral ang Ebanghelyo.”

Oh minamahal naming naghihingalong
Cordero, ang Iyong sadyang mayamang Dugo
Ay kailanman di mawawalan ng taglay Niyang
kapangyarihan,
Hanggang sa ang lahat ng tinubos na itinuring
na Iglesya ng Diyos
Ay magkaroon ng kaligtasan, upang hindi na
magkaroon pa ng kasalanan.

⁸⁸ Tulungan Mo rin po kami, bilang mga ministro, ngayong nakikita naming kung anu-ano na lang ang aming hinihiling;

inaakalang sa pagkakaroon ng simbahan, kinakailangan namin 'yung *ganito*, kinakailangan namin ang kung anu-ano.


⁸⁹ Ang aming mga kababaihan, bago sila magsimba, gayong tinatawag nila ang kanilang mga sariling mga Cristiano, kinakailangan pa raw muna nilang magsuot ng ganitong klase ng bestida, o kaya naman makapanamit nang parang lagi na lang dadalo sa kung anong okasyon.

At maging ang mga mangangaral ay naghahangad muna ng marami-raming salapi bago sila pupunta, at ang lahat daw ay kailangang *ganito-at-ganoon*.

⁹⁰ Oh Cristo, kapag nababasa ko rito, “Kung papaanong sila’y nagsilakad na paroo’t parito, na may balat ng mga tupa’t kambing, nanirahan sa mga yungib ng lupa, at sa mga lungga.” Nagsilakad silang paroo’t parito, sa panahong sila’y dumaranas ng kakila-kilabot na pag-uusig, at, gayunpaman, nakamtam ang Pananampalataya, sa ilalim ng ministeryo ng mga anghel. Papaano nga kami makatatakas, gayong nabiyayaan na kami ng Panginoong Jesus ng mga magagandang tahanan, at mga kotse, at mga damit, at pagkain? At heto nagrereklamo pa rin kami. Paupo-upo na nga lang kami. Walang ginagawa. Hindi man lang kami makapagkusang humayo at gumawa ng mga bagay na ikabubuti. Papaano kaya kami makatatakas, Diyos?

⁹¹ Oh, dalangin ko pong papag-alabin Mo ang makalumang pagniningas sa bawat puso, ngayong umaga, Panginoon, upang magkusa ang mga tao na gumawa ng nauukol dito. Mabigyan nawa kami ng pagkakataong gumawa habang sumisikat pa ang araw, sapagkat napakabilis ng paglubog ng araw. Patapos na ang sibilisasyon, at maglalaho na ang oras. Tutungo na muli ito sa Walang Hanggan.

⁹² O Diyos, ipagkaloob Mo pong ngayon ay magsihayo kaming taglay ang mga sariwang pangitain, taglay ang karunungan, taglay ang kaunawaan, upang malaman namin kung papaano lalapit sa mga makasalanan nang amin silang madala kay Cristo. Dinggin Mo po ang panalanging ito ng Iyong lingkod, Panginoon.

⁹³ Ngayon hinihiling ko, kung mayroon mang narito, na hindi pa nakakikilala kay Cristo bilang kanilang Tagapagligtas, maaari n’yo po bang itaas ang inyong kamay at sabihin, “Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham”? Maaari ba ninyong itaas ang inyong kamay, sabihin, “Alalahanin mo ako. Nais kong maging isang Cristiano. Ayaw ko nang palampasin pa ito”? Pagpalain ka ng Diyos, diyan sa likod, ginoo. Mayroon pa po ba? Magsasabi, “Nais kong itaas ang aking kamay, Kapatid na Branham. At nais ko nang tanggapin si Cristo, bilang aking Tagapagligtas, nagpabaya ako, sa hinahaba-haba ng panahon. Oh, nagsisimba nga ako, siyanga, kasapi ako sa iglesia.” 

ANG AKLAT NG MGA HEBREO

Ang labing-isang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham na orihinal na ipinangaral sa Ingles mula Agosto 21 hanggang Setyembre 22, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice Of God Recordings.

TAGALOG

©2016 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org